

WARM-UP

- Ano ang pakiramdam mo tungkol sa pagsasalita sa publiko? Bakit ito ang nararamdaman mo?
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon kung kailan nakaharap mo ang isang tao na noon ay nababalitaan mo lamang. Ano ang naging epekto ng pagkikitang ito sa iyo?
- Ano ang isang katotohanan na para sa iyo ay hindi kapanipaniwala noong una mo itong marinig?

WORD ²⁵*Sinabi ng babae, “Nalalaman ko pong darating ang Mesias na tinatawag ding Cristo. At pagdating niya, ipapaliwanag niya sa amin ang lahat ng bagay.”* ²⁶*Sinabi ni Jesus sa kanya, “Akong nagsasalita sa iyo ngayon ang tinutukoy mo.”* **JUAN 4:25,26**

(Basahin din ang **JUAN 4:7-30,39-42.**)

Si Jesus ay nakipag-usap sa babaeng taga-Samaria na nagpunta sa balon upang umigib ng tubig. Marahil ay nagulat siya dahil ang nakikipag-usap sa kanya ay isang tagapagturo at siya naman ay isang babae; Siya ay Judio, at siya naman ay Samaritano. Sa kanilang kultura, sa parehong pagkakataon, hindi inaasahang makikipag-usap sa kanya ang lalaki. Sa talatang ito, sinabi ni Jesus sa babae na Siya ang Cristo na hinihintay niya. Sa araw na ito, titignan natin kung paano humantong ang babae sa pagpapahayag niya ng pananampalataya kay Jesus sa mga tao sa kanyang bayan.

1 | Maniwala sa Ebanghelyo.

¹³Sumagot si Jesus, “Ang lahat ng umiinom ng tubig na ito’y muling mauuhaw, ¹⁴pero ang sinumang iinom ng tubig na ibibigay ko ay hindi na muling mauuhaw. Dahil ang tubig na ibibigay ko ay magiging tulad ng isang bukal sa loob niya na magbibigay ng buhay na walang hanggan.” ¹⁵Sinabi ng babae, “Bigyan n’yo po ako ng tubig na sinasabi n’yo upang hindi na ako muling mauhaw at hindi ko na kailangan pang pumarito para umigib.” **JUAN 4:13-15**

Nang alukin ni Jesus ang babae ng tubig na tuluyang papawi ng pagkauhaw, nasabik ang babae na uminom. Matapos ilarawan ni Jesus ang buhay niya, saka niya lamang naintindihan na si Jesus ang Cristo, at ang tubig na sinasabi niya ay buhay na tubig—tubig na makapagbibigay ng buhay na walang hanggan. Dahil sa pagtatagpong ito, naniwala siya na si Jesus nga ang Mesias. Bakit ka naniwala kay Jesus noong malaman mo ang tungkol sa Kanya?

2 | Ipahayag ang iyong patotoo.

²⁹“Halikayo! Ipapakita ko sa inyo ang taong alam na alam ang lahat ng ginawa ko! Maaaring siya na nga ang Cristo.”...
³⁹Maraming Samaritano sa bayang iyon ang sumampalataya kay Jesus dahil sa sinabi ng babae na alam ni Jesus ang lahat ng ginawa niya. **JUAN 4:29,39**

Sinabi ni Jesus sa babae kung ano ang mga ginawa niya—kasama ang katotohanan na *lima na ang naging asawa niya, at ang kinakasama niya ngayon ay hindi niya tunay na asawa*. Ang babae ay may dahilan upang magtago sa mga tao. Subalit dumiretso siya sa bayan, at sinabi sa mga tao na si Jesus ang Cristo. Dahil dito, *maraming Samaritano sa bayang iyon ang sumampalataya kay Jesus*. Ayon sa Mga Taga-Roma 10:14, bakit natin dapat ihayag sa publiko kung sino si Jesus? Paano naalis ng kagalakan nang pagkakakilala mo kay Jesus ang kahihyan sa iyong patotoo?

3 | Akayin ang mga tao palapit kay Jesus.

⁴¹Dahil sa pangangaral niya, marami pa sa kanila ang sumampalataya. ⁴²Sinabi ng mga tao sa babae, “Sumasampalataya kami ngayon hindi lang dahil sa sinabi mo sa amin ang tungkol sa kanya, kundi dahil sa narinig namin mismo sa kanya. At alam naming siya nga ang Tagapagligtas ng mundo.”

JUAN 4:41,42

Ang patotoo ng babae ay umakay sa mga taga-bayan upang lumapit sa taong sinasabi niya. Sa huli, naniwala ang mga tao na si Jesus ang Tagapagligtas ng mundo—hindi dahil sa patotoo ng babae, kundi dahil sa mga narinig nila mismo mula kay Jesus. Ang patotoo niya ay umakay sa maraming tao upang magkaroon ng personal na pananampalataya kay Jesus. Ang patotoo mo ay makapangyarihan. Paano nakatulong ang patotoo mo upang maakay ang ibang tao palapit kay Jesus?

APPLICATION

- May nagbahagi na ba ng patotoo nila at nangaral ng ebanghelyo sa iyo? Gusto mo bang marinig ang ebanghelyo ngayon?
- Kanino mo maaaring ibahagi ang patotoo mo ngayong linggo? Ano ang maaari mong gawin upang makasama ang taong ito ngayong linggo at maibahagi sa kanya ang ebanghelyo?
- Sino ang maaari mong bigyan ng lakas ng loob upang makapaghayag ng ebanghelyo? Paano mo siya mahihikayat na magsilbing patotoo ni Jesus sa mundo?

